21. Panginoong Diyos, mangyaring palakasin Mo ang mga Kristiyanong kababaihan sa Romania na maging tapat na saksi para sa Iyo sa panahong ito ng kaguluhan. (Matt. 5:13-16)

22. Panginoon, bigyan Mo ng biyaya, karunungan at pagkamalikhain ang grupo ng TWR Women of Hope Portugal habang gumagawa sila ng mga script para sa mga bagong programa sa ministeryo. (Prov. 2:6)

23. Hinihiling namin, Panginoon, na protektahan Mo ang panlipunang posisyon, kagalingan at legal na seguridad ng mga babaeng Polish. Maging tagapagtanggol at tagapagbigay Ka nawa nila. (Ps. 5:11)

24. Ama, nananalangin kami para sa karunungan para sa mga tagapakinig ng TWR Women of Hope sa North Caucasus na humaharap sa pagsubok sa buhay may asawa. Nawa'y makahanap sila ng pag-asa sa Iyong pag-ibig. (James 1:12)

25.Panginoon, nagpapasalamat kami sa Iyo para sa matagumpay na German TWR Women of Hope prayer gathering noong 2022 at para sa mga sumusuporta sa ministeryo sa pamamaraang pinansiyal at panalangin. (Mal. 3:10)

26. Ama, gabayan Mo ang mga nalulumbay at nalulungkot sa Finland upang pag-isipan ang Iyong mga katotohanan at alamin na hindi sila nag-iisa. Tulungan Mo silang kumonekta sa mga tao at sa mga maaaring makatulong sa kanila. (Deut. 31:8)

27. Panginoong Diyos, palaguin Mo ang gawaing Kristiyano para sa mga mag-aaral sa Greenland. Nawa'y magkaroon ng Kristiyanong komunidad ang mga kabataang ito kung saan maaari silang magbasa ng Bibliya at mabigyan ng pag-asa. (1 Thess. 5:11)

28. Panginoon, hinihiling namin sa Iyo na bigyan Mo ng tibay ng loob at inspirasyon ang munting grupo ng TWR Women of Hope sa Denmark sa kanilang paggawa sa ministeryo. (Phil. 4:13)

29. Ama namin sa Langit, idinadalangin namin na ang mga single mothers sa Croatia ay makakuha ng regular na suporta para sa kanilang mga anak mula sa kanilang mga dating asawa. (Matt. 7:9)

30.Panginoon, palakasin Mo ang mga simbahan sa Albania upang maging liwanag sa madilim na mundong ito. Nawa'y samahan nila ang mga kababaihan at tulungan sila na mamuhay ng maka-Diyos, at magkaroon ng makabuluhang buhay. (Eph. 5:8)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다

TWR WOMEN OF HOPE 소망의 여인들

# Women of Hope

## Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2023. 4.**

**Panalangin para sa mga kababaihang taga Europa2**

Bawat babae ay may karapatan na malaman kung gaano siya pinapahalagahan ng Diyos na lumikha sa kanya.  Dapat din niyang malaman ang magandang plano ng Diyos para sa kanya. Napakaganda at kapanapanabik na makita ang pagkakaroon ng pagbabago sa mga kababaihan matapos na makilala nila si Jesus at maranasan ang Kanyang kahanga-hangang pag-ibig.

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

**Nawa'y ipanalangin po natin…**

1.Panginoon, ihayag Mo ang Iyong sarili sa mga tao sa Sweden lalo na sa mga nalulungkot at sa mga nakakaramdam na tila wala ng kabuluhan ang kanilang buhay. Tulungan Mo silang iwasan ang mga gawaing walang kabuluhan na nagpapatindi ng kanilang kalungkutan. (Ps. 36:9)

2. Ang bilang ng mga babaeng imigrante sa Spain ay tumaas nang husto sa nakalipas na 10 taon. Ama, protektahan Mo sila laban sa sex trafficking at gawin Mong mas maayos ang kanilang buhay. (Deut. 10:18-19)

3. Aming Diyos, nawa'y masira ang negatibong impluwensya ng media sa mga kababaihan at mga kabataang babae. Gamitin Mo ang Serbian TWR Women of Hope ministry para turuan ang mga kabataan na hanapin ang kanilang tunay na pagkakakilanlan sa Iyo. (Ezek. 36:26-27)

4. Ama, nananalangin kami para sa inspirasyon para sa aming grupo sa Romania habang isinusulat nila ang mga programa ng Women of Hope na nagtatampok ng makabuluhang paksa, gayundin ang mga panauhing tagapagsalita na tumutulong sa mga tagapakinig na makilala at mahalin ka nang lubusan. (Ps. 40:10)

5. Amang Diyos, mangyaring ibalik Mo sa normal ang malagim na sitwasyon sa ekonomiya sa Portugal upang ang mga tao ay makabili ng pagkain sa makatwirang presyo. (Matt. 6:25)

6. Sa Greenland, 37% ng mga bata ay nabubuhay nang walang ama. Palakasin Mo ang mga ina na magisang nagtataguyod ng kanilang pamilya para mabalanse ang pangangalaga sa bata, trabaho at pagaaral. Magbigay Ka nawa ng makadiyos na lalaking tagapayo para sa mga batang ito. (Ps. 68:5)

7.Panginoon, bigyan Mo ng karunungan ang mga pinuno ng Poland sa pagpapabuti ng kanilang mga serbisyong pangkalusugan para sa mga kababaihan, gayundin sa pagtaas ng sahod para hindi mapilitan ang mga manggagamot na Polish na mangibang-bansa para humanap ng mga trabahong mas mataas ang suweldo. (James 1:5)

8. Panginoong Diyos, humihingi kami ng karagdagang pondo para sa TWR Women of Hope sa Norway upang maibahagi nila ang ebanghelyo sa mas maraming grupo ng mga taong hindi pa naaabot. (Mark 16:15)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

9. Panginoon, napakaraming babaeng Albaniano ang dumaranas ng depresyon. Bigyan Mo nawa ng kagalingan ang kanilang isipan at katawan habang sila ay tumatawag sa Iyo. Akayin Mo sila sa ibang makakatulong sa kanila. (Deut. 31:8)

10. Panginoon, mangyaring magdala Ka sa North Caucasus ng mga bagong subscribers sa mga programa ng Women of Hope na lumalabas sa iba't ibang plataporma sa social media.
( 2 Cor. 4:16)

11. Makapangyarihang Ama, akayin Mo ang mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon sa Germany na makinig sa mga serye ng programang Hidden Treasure para makatagpo sila ng seguridad at bagong buhay kay Jesus. (Isa. 45:3)

12. Panginoong Diyos, bigyan Mo ng lakas at tibay ng loob ang mga babaeng Finnish na nakadarama ng labis at panghihina ng loob habang ginagampanan nila ang mga responsibilidad sa karera at pamilya. (Mat. 11:28)

13. Panginoon, putulin Mo ang tanikala ng pagkalulong sa alkohol ng mga magulang sa Greenland at Faroe Islands. Nawa'y palakihin nila ang kanilang mga anak sa maka-Diyos na paraan. (Prov. 22:6)

14. Diyos, nawa ang mga kababaihang sumali sa Abril 14-16 Norwegian TWR Women of Hope conference ay mahikayat na maging mas masigasig para sa Iyong gawain. (1 Thess. 5:11)

15. Ama, ipinapanalangin namin na maunawaan ng mga taga-Denmark kung gaano kahalaga ang buhay at makita nila na ang mga bata ay kaloob ng Diyos. (Ps. 139:13-16)

16. Pinupuri ka namin, Panginoon, dahil dumarami ang bilang ng mga tagasubaybay at nakikipagugnayan sa Facebook page ng TWR Women of Hope sa Croatia. (Ps. 71:8)

17. Panginoon, mangyaring magbigay Ka ng mga trabaho at pabahay para sa mga kababaihan ng Albania na umalis sa mga domestic-abuse shelter ngunit bumaling sa prostitusyon dahil wala silang pera upang palakihin ang kanilang mga anak. (Matt. 6:11)

18. Ama, ilapit Mo ang mga kabataang kriminal sa Sweden upang maniwala at sumunod sa Iyo. Nawa'y itigil na nila ang pagsira sa buhay nila at ng iba. (Mark 1:17)

19. Panginoong Diyos, tulungan Mo ang mga Kristiyanong lola sa Espanya na naging tagapag-alaga dahil sa krisis sa pamilya o diborsiyo. Maging maka-Diyos na impluwensya nawa sila sa kanilang mga apo. (Deut. 6:6-7)

20. Ama, gabayan Mo ang mga nagtatrabaho sa pagsasalin at paggawa ng bagong Precious & Beloved program. Sa pamamagitan ng programang ito, nawa'y malaman ng mga kababaihan sa Serbia at Croatia ang Iyong pagmamahal at mahanap ang kanilang dignidad at halaga sa Iyo. (1 Pet. 3:4)